THE TAMARAO JOURNAL

WHAT'S INSIDE?

3 CALAPAN CTY INFORMATION OFFICE, NAGBAHAGI NG KAALAMAN SA LARANGAN NG PAMAMAHAYAG SA ISINAGAWANG WORKSHOP

VOLUME 2 No. 25 May 01, 2023 - May 07, 2023

# CHIKITING LIGTAS PROGRAM, INILUNSAD!



SA PAMAMAGITAN NG CHIKITING LIGTAS PROGRAM NG PAMAHALAAN, pormal na itong inilunsad sa Oriental Mindoro sa pamamagitan ng MR-OPV SUPPLEMENTAL IMMUNIZATION activity ng Department of Health (DOH) at mga katuwang nitong ahensyang pangkalusugan na ginanap sa bayan ng Naujan noong Mayo 4.

Layunin ng programa na mabigyan ng dagdag na bakuna kontra-Measles, Rubella, at Polio ang mga bata na nasa edad na 0-59 months o limang taong gulang pababa sa iba't ibang bahagi ng bansa bilang kanilang dagdag na protesyon sa mga naturang preventable diseases.

Kaugnay nito, maliban sa pagbibigay ng bakuna sa mga bata, naghatid din ang pinagsanib na pwersa ng DOH, Provincial DOH Office (PDOHO) Provincial Health Office (PHO) Municipal Health Office (MHO) ng iba't-ibang serbisyo na nakapaloob sa Health Services Caravan tulad ng libreng pagpapatingin ng blood pressure, blood sugar, urine screening, at HIV testing and counseling, dental services, libreng check-up at iba pang serbisyong pangkalugan upang makapagbigay ng karagdagang serbisyo sa mga mamamayan.

Naging matagumpay naman ang programa dahil sa todong suporta ng Pamahalaang Panlalawigan kung saan personal na sumaksi at nakiisa si Governor Bonz Dolor, gayundin, si Naujan Mayor Henry Joel Teves na kapwa matatandaang mataas ang pagpapahalaga at may pagpa-prayoridad sa sektor ng kalusugan.

Kinilala naman ni Provincial Health Officer (PHO) Dr. Cielo Angela Ante ang mga magulang at gurdians ng mga bata na may commitment na dalhin sa bakunahan ang kanilang mga anak para maprotektahan laban sa mga nabanggit na karamdaman. Sinabi rin niyang buo ang suporta ng PGOM sa pamamagitan ng kanilang tanggapan sa mga programang tulad nito ayon na rin sa nais ng Ama ng Lalawigan. Aniya pa, sa kabila ng krisis na pinagdadaanan ngayon ng lalawigan dala ng oil spill, ay hindi naman nagpapatinag ang mga Oriental Mindoreño lalo pa't ang Pamahalaang Panlalawigan ay patuloy na pinagsisikapang balansehin ang mga ipinapatupad na programang nagpapakita ng seguridad sa kalusugan ng lahat ng mamamayan.

Nakiisa rin si Dr.Mario S.Baquilod sa pamamagitan ng kanyang kinatawan na si DOH-CHD MIMAROPA Nurse V. Brian H.Mascariña, PDOHO Dr. Ramon Bombais, OMPH Pediatrics Department Medical Specialist Dr. Shalom Lois Actas Ibañez at iba pang mga opisyal ng sektor ng kalusugan.

Ayon kay DOH MIMAROPA Representative Mascariña, mas magiging ligtas aniya, ang lahat ng mga bata kung sila ay mabibigyan ng bakuna. Siniguro naman aniya pa, na ito ay ligtas at epektibo dahil ginagamit na ito sa bansa sa loob ng apatnapung taon.

Kaugnay pa nito, katulad ng pagbibigay ng mga serbisyong medikal sa mga mamamayan, layunin rin ng programa na mapalawak ang kaalaman ng mga magulang at caregivers tungkol sa kahalagahan ng pagpapabakuna sa kanilang mga anak. Inaasahang makakatulong ito upang maibsan ang agam-agam at kaba ng ilang magulang sa pagpapabakuna ng kanilang mga anak.

Malaki rin ang pasasalamat ng lokal na pamahalaan sa DOH dahil sa paglunsad ng programa na ito sa kanilang bayan. Nagpahayag si Mayor Joel Teves na ito ay isang malaking tulong upang maitiyak ang magandang kalusugan ng kanilang mga kabataan at ng buong komunidad.

Samantala, sa pamamagitan ng *"Chikiting Ligtas Program,"* target ng DOH na maisiguro na ligtas at malusog ang mga kabataan sa buong bansa. Kaakibat nito ang pakiusap ng ahensya sa lahat ng mga magulang/ guardian at caregivers na dalhin ang kanilang mga anak sa pinakamalapit na health centers upang mabakunahan at mabigyan ng proteksyon.

Inaasahan namang lahat ng mga bata ay mababakunahan lalo na ang mga nasa saklaw ng edad na dapat tumanggap ng bakuna.

Kasabay ding inilunsad ito sa iba pang mga bayan. (PIO Calapan)

THE TAMARAO JOURNAL

TAMARAO JOURNAL NEWS PUBLISHING HOUSE

PUBLISHER

RUEL T. LANDICHO
PUBLISHER/ OWNER

RAIA JENNIFER E. DELA PENA
EDITOR IN CHIEF

MARIA GLENDA LANDICHO
OPERATIONS AND CIRCULATION MANAGER

JACQUILOU LIRIO
ANTON VIKTOR LANDICHO
STAFF WRITERS

MARCUS A. NEGADO
LAY-OUT ARTIST / GRAPHIC DESIGN

REYMUND AL USSAM
LEGAL CONSULTANT

THE TAMARAO JOURNAL IS A WEEKLY NEWSPAPER CIRCULATING IN THE PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO, ISSUED EVERY MONDAY. OFFICE: IBABA WEST, CALAPAN CITY, OR. MIN. CONTACT: 09175668361
EMAIL ADD: tamaraojournal@gmail.com

WEBSITE: WWW.TAMARAOJOURNAL.COM










TINGNAN: Muling nagsagawa ang Department of Labor and Employment (DOLE) at City Public Employment Serivces Office (PESO) ng Orientation Program sa Tulong Panghanapbuhay sa Ating Disadvantaged/Displaced Workers o TUPAD para sa mahigit 400 na mga Calapeño nitong ika-5 ng Mayo sa Kalap Covered Court, Guinobatan.

Sa kabuuan, nasa 462TUPAD Workers ang kabilang sa batch na inorient ng DOLE at City PESO at halos bawat barangay ay mayroong benepisyaryo. Gaya ng nakagawian, pinaliwanag sa mga workers ang kanilang magiging tungkulin sa barangay, ang mga kinakailangan nilang ipasa, at kung paano nila makukuha ang kanilang sahod.

Bilang Ina ng Lungsod, patuloy na nakikipag-ugnayan si City Mayor Marilou Flores-Morillo sa DOLE upang maraming mga Calapeñong nangangailangan ang mapabilang sa TUPAD Program (Thea Marie J. Villadolid/CIO).




For you commercial print needs!
Books, yearbooks, marketing collaterals
www.sinagprintingpress.com
sinagprinting@gmail.com / 09175668361



# CALAPAN CITY INFORMATION OFFICE, NAGBAHAGI NG KAALAMAN SA LARANGAN NG PAMAMAHAYAG SA ISINAGAWANG WORKSHOP

PINAUNLAKAN ng ilan sa mga mahuhusay na kasapi ng Calapan City Information office ng Pamahalaang Lungsod ng Calapan sa pangunguna ng Supervising Head nito na si Mr. Baron R. Venturina ang imbitasyon ng City College of Calapan na maging bahagi sila ng workshop na nakatuon sa paksang *"Designing a Publication Material and Managing Facebook Page"*, para makapagbahagi ng mga natatanging kaalaman at karanasan sa mga mag-aaral, tungo sa kanilang pag-unlad, ginanap sa ABC Hall, Local Government Center, New City Hall, Barangay Guinobatan, noong ika-3 ng Mayo.

Naging bahagi rin ng aktibidad na ito sina Mr. Weng del Mundo, at Mr. Raphael Michael G. Abac na kapwa mula rin sa CIO, kung saan ay dinaluhan ito ng mga mag-aaral ng CCC na mula sa iba't ibang organisasyon.

Ang nasabing aktibidad na ito ay bahagi ng pagdiriwang ng *'The Innovators' Week"* na nakaangkla sa temang *"Transpiring Abilities, Making Advantages: Shaping a future of rights through TAMA Journalism"* na kaugnay sa pagdiriwang ng *"World Press Freedom Day"*, na isinagawa sa pangunguna ng The Innovators, Opisyal na Publikasyon ng Dalubhasaan ng Lungsod ng Calapan, sa ilalim ng gabay ng kanilang Tagapayo na si Ms. Elma Jane L. Mitante.

Inaasahan na magpapatuloy pa ang nasimulang makabuluhang gawain hanggang ika-5 ng Mayo, kung saan ay magsasagawa rin sila rito ng Collaborative Desktop Publishing Competition. (Cedric Errol A. De Guzman/CIO).





# MAYOR MORILLO, NAKIISA SA BAMBOO VOLUNTEER DAY



BILANG LIDER na sinusulong ang pagiging ganap na Luntiang Lungsod ng Calapan, dinaluhan ni City Mayor Marilou Flores-Morillo ang Bamboo Volunteer Day na ginanap sa Canubing I, ika-1 ng Mayo.

Mula sa City Pavilion ay nag-motorcade ang mahigit 60 volunteers patungo sa Canubing 1 at isinagawa din ang pagtatanim ng mga Giant Bamboo seedlings sa paligid ng Caluangan Lake.

Nagkaroon din sila ng isang open forum at panel discussion tungkol sa kahalagahan ng pagkakaroon ng mga kawayan at kung ano pa ang magagawa ng mga tao upang mapangalagaan ang kalikasan.

*"Ang pag-aalaga sa kalikasan ay dapat magsimula sa loob ng ating tahanan"* iyan ang iniwang mensahe ni Mayor Morillo.

Lubos na nagpasalamat si Mayor Morillo sa mga volunteers na talagang aktibo pagdating sa mga gawaing pangkalikasan.

Aniya, ang mga ganitong gawain ay para sa kalikasan, at para sa mga susunod na henerasyon - upang makita nila ang ganda ng isang luntiang paligid.

Naging matagumpay naman ang gawain sa pagtutulungan at pakikilahok ng Provincial Government of Oriental Mindoro, City Government of Calapan, Overseas Workers Welfare Administration, University of Batangas Graduate School, Greenland Gracias Volunteers, Bamboo Warriors Philippines, Tropang Lakas Boluntary Pilipinas Inc., at Alliance of Stakeholders for Sufficient and Affordable Power (Thea Marie J. Villadolid/CIO).





THE TAMARAO JOURNAL

VOLUME 2 No. 25 May 01, 2023 - May 07, 2023

MSP GAS
RETAILING STATION
Gasolina at Krudo,
Sigurado at Garantisado
BARANGAY GULOD,
CALAPAN CITY, OR. MINDORO
CONTACT: 09295453013

# PANDANG-GITAB 2023 MULING KUMINANG SA CALAPAN!

MULING NASILAYAN sa Lungsod ng Calapan ang pagbabalik ng kinang at liwanag ng kasiyahang hatid ng Pandang-Gitab matapos na ipagpaliban ng Pamahalaang Panlalawigan ang pagsasagawa nito sa loob ng dalawang magkasunod na taon dahil sa pandemya.

Ngayong taon, ang Pandang-Gitab 2023 ay nagsilbing patunay na ang mga Mindoreño ay nanatiling matatag sa hamon ng buhay at may maningas na ilaw sa pagtahak tungo sa landas ng kaunlaran.

Walong mahuhusay na contingents na kinabibilangan ng Buaywa Folkloric Troupe mula sa OMNHS, Managpi Dance Troupe mula sa Mangapi National High School, Passionate Dancerists mula sa Parang National High School, Brave Dancers ng Nag-iba National High School, COMEHI Galaw Pintakasi mula sa Porfiro G. Comia National High School, Sto. Niño Vicar Forane Youth Ministry, Tribu Rosahasa mula sa Bansud Regional Science High School at MINSU Alab Dance Troupe mula sa MINSU Main Campus Victoria ang nagpakita ng kanilang malikhaing interpretasyon sa pagsasayaw gamit ang kanilang artistikong pailaw habang suot ang tradisyunal na kasuotang tatak-Pilipino ang nagtapatan sa Pandang-Gitab 2023 na isinagawa sa Lungsod ng Calapan, Abril 30, 2023.

Para sa Street Dancing Presentation ay ipinamalas ng mga kalahok ang kanilang diskarte sa pagpapakitang gilas habang binabaybay ang kahabaan ng lansangan mula sa Barangay Lumangbayan, Camilmil at San Vicente.

Dito ay makikita ang pananabik ng mga manunuod na muling masaksihan ang ganitong uri ng atraksyon na talaga namang inabangan ang pagdaan sa labas ng kanilang mga tahanan.

Maging si City Mayor Malou Flores-Morillo ay naging kaisa ng kanyang mga kababayan sa pagpapakita ng suporta sa nasabing aktibidad.

Samantalang sa Oriental Mindoro National High School ay nag-uumapaw ang grandstand ng mga manunuod na nais saksihan ang kapana-panabik na pagtatanghal ng mga kalahok. Kabilang sa mga opisyal ng lalawigan na sumaksi sa kompetisyon ay sina Gobernador Humerlito *"Bonz"* Dolor kasama ang kanyang May-bahay na si Ms. Hiyas Govinda Ramos-Dolor at mga miyembro ng Sangguniang Panlalawigan sa pangunguna ni Bise-Gobernador Ejay Falcon. Dito ay nakita din ang presensya ni City Mayor Malou Morillo at ilan pang Punongbayan sa Oriental Mindoro.

Masasabing ekstra-ordinaryo ang naging pagpapasiklab ng mga kalahok dahil sa aliw-factor na ipinamalas sa madlang pipol. Ang bawat galaw ay pinag-isipan, ang mga kasuotan at kagamitan ay halatang pinaghandaan.

Sa huli ay iginawad ang mga parangal para sa pinaka-mahusay at nagliliyab na performance. Para sa Special Awards ay nakuha ng Bravi Dancers and Best Finale Dance Presentation na may katumbas na P10,000, ang ORMECO Dagitab Choice Award na may kalakip na P30,000 ay napunta sa Tribu Rasahasa. Sa Minor Awards ay Best in Choreography, Best in Costume & Props ay parehong nasungkit ng contingent mula sa Tribu Rasahasa na may tig-P25,000 na premyo. Ang Best in Street Dancing at In-Place Dancing Presentations na may tig-P40,000 na premyo ay parehong nakuha pa rin ng Tribu Rosahasa.

Para naman sa Major Awards ay tinanghal na 3rd Place ang MINSU Dance Troupe, 2nd Place and Passionate Dancerists at nakuha ng Tribu Rosahasa ang pagiging Kampion sa Pandang-Gitab 2023.

Ang bawat koponan ay nakatanggap ng trophy at cash prize na P110,000, P170,000 at P230,000 ayon sa pagkakasunod-sunod. Maliban sa malaking halagang napanalunan ay may 2 milyong halaga pa ng proyekto ang ipagkakaloob ng Provincial Government of Oriental Mindoro sa Regional Science High School. Ang Pandang-Gitab (Festival of Lights) ang pinakamalaking kapistahan sa lalawigan at siya na ngayong kinikilalang 'Offical Festival' ng Oriental Mindoro na kauna-unahang nailunsad noong taong 2001 sa pamamagitan ng Provincial Ordinance No. 25 na akda ni Governor Bonz Dolor na noon ay Vice Governor pa lamang at inaprubahan sa panunungkulan ni Former Oriental Mindoro Governor Alfonso V. Umali, Disyembre 12, 2012. (Junard Acapulco/CIO).

